

Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato

Sa Patnubay na Ito

Kasama sa patnubay ng botante na ito ang impormasyon tungkol sa mga kandidato para sa Senado ng U.S. na nagsisimula sa pahina 117 ng patnubay na ito.

Ang mga kandidato para sa Senado ng Estados Unidos ay maaaring bumili ng espasyo para sa kanilang pahayag ng kandidato sa patnubay ng botante na ito. Ang ilang kandidato, gayunpaman, ay piniling hindi bumili ng espasyo para sa isang pahayag.

Ang mga kandidato para sa Senado ng U.S. ay sina:

Kamala D. Harris	Demokratiko
Loretta L. Sanchez	Demokratiko

Sa Iyong Halimbawang Balota (Ipinadala nang Hiwalay Mula sa Iyong County Registrar)

Bilang karagdagan sa mga kandidato sa patnubay na ito, kabilang sa iyong balota ang mga kandidato para sa Senado ng Estado, Asembleya ng Estado at Mga Kapulungan ng Kinatawan ng U.S.

Ang Senado ng Estado at Asembleya ng Estado ay maaaring bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato sa mga halimbawang balota ng county KUNG sumasang-ayon sila na panatilihin ang kanilang paggasta sa kampanya na mas mababa sa isang partikular na halaga ng dolyar na nakasaad sa ibaba.

- Maaaring gumasta ang mga kandidato sa Senado ng Estado ng hindi lalampas sa \$1,269,000 sa pangkalahatang halalan
- Maaaring gumasta ang mga kandidato sa Asembleya ng Estado ng hindi lalampas sa \$987,000 sa pangkalahatang halalan

 Makikita ang isang listahan ng mga kandidatong tumanggap sa boluntaryong kampanya sa mga limitasyon ng paggasta ng California sa www.sos.ca.gov/elections/candidate-statements

Ang boluntaryong kampanya sa mga limitasyon ng paggasta ng California ay hindi nalalapat sa mga kandidato sa pederal na katungkulan kabilang ang Presidente, Senado ng U.S. at Mga Kapulungan ng Kinatawan ng U.S.

Maaaring bumili ang lahat ng kandidato para sa Mga Kapulungan ng Kinatawan ng U.S. ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato sa mga halimbawang balota ng county. Ang ilang kandidato, gayunpaman, ay piniling hindi bumili ng espasyo para sa isang pahayag.

 Para sa sertipikadong listahan ng mga kandidato, pumunta sa www.sos.ca.gov/elections/candidate-statements

Mga Kandidato para Presidente ng U.S.

Ang impormasyon tungkol sa mga kandidatong tumatakbo para Presidente ay makukuha sa website ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Kalihim ng Estado. Bisitahin ang www.voterguide.sos.ca.gov para sa mga karagdagang detalye.